Tulo Laway

Kiyo

Na na na na
Mmmmm

Tagutaguan, tayong dalawa
Walang makaka alam na dito tayo masaya
Oh

Tagutaguan, tayong dalawa
Walang makaka alam na dito tayo masaya
Tagutaguan, tayong dalawa
Sa ilalim ng kumot bangungot tinatawanan nating sabay
Habang nanunuod, ulo mo, nasa balikat
Nanakit pag di pa napag bigyan ang hiling at
Mga pakisuyo mo humahaba nanaman yung nguso mo
Na ang sarap ikiss lalo pag mahimbing na lalo yung tulog mo
Kahit madalas tulo laway ka palage
Ang ganda mo wala akong masabe
Di ko naisip na ang puso at damdamin
Masasale nangyare
Kase

Akala ko dati wala ng makakaintindi sa lokong gala
Nasanay wala, kung meron man ay ikaw na palaging nandyan kaya masaya
Bawat gabing malamig ay kayakap kasalo sa kumot sara na ng bintana
Labas sa kulambo ang ating saya
Kahit umagahin wag mag alala
Kiskisan ng hita at ating paa
Lintik na tinginan sa parihaba kong silid
Mga matang papikit labi mo na may hilek
Di ko mapigilan ngitian habang ako sayo ay na ka tingin
Tanginang pag ibig to, ang sarap parang una kong tikim (una kong tikim)

Tagutaguan, tayong dalawa
Sa ilalim ng kumot bangungot tinatawanan nating sabay

Di ko mapigilan na isipin yung kahapon natin dalawa
Nadarama ay ngiti na abot langit pag ka usap ka
Sarap mong pag masdan
Parang buwan
Na bumaba
Pakiramdam abot langit
Kumakabog na damdamin
Pag-ibig daw kung tawagin ay
Kinakabahan to palagi
Pakiramdam na sa'yo lang bukod tangi
Nadarama pag kasama, nakahilata sa kama mala langit
Nakatunganga sa bintana pag wala ka, di alam aking gagawin
Di makapaniwala
Ikaw ay napasakin
Ako ang kakampi mo
Ano man ang mangyari
Hawakan mo kamay ko wag kang bibitaw
Nandito lang ako kasama kapag naligaw
Gusto ko yung ako kapag ka nandiyan ikaw
Ang sarap isipin na ikaw
Kasama sa pagtanda ko sa mundo na maginaw
Ang gaan sa pakiramdam magmahal

Ang sarap sa pakiramdam magmahal
Ikaw ang makakasama
Habang buhay
(Pusong ikaw ang sigaw)

Tulolaway

Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!